
# 10

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 6: Nobela mula sa France (Panitikang Mediterranean)




ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

CO_Q1_Filipino10_Module6

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikasampung Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan (Panitikang Mediterranean) – Modyul 6: Nobela mula sa France**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyal. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyal na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Jocelyn B. Cardinez, Alvin D. Mangaoang |
| **Editor:** | Luisito V. Libatique |
| **Tagasuri:** | Arabella May Z. Soniega, Virgilio C. Boado, Renato R. Santillan, Gemma Erfelo, Rowena Abad, Maria Teresita R. Gapate, Gina A. Amoyen, Editha T. Giron |
| **Tagaguhit:** | Rodel R. Rimando |
| **Tagalapat:** | Alvin D. Mangaoang |
| **Tagapamahala:** | Tolentino G. Aquino, Arlene A. Niro, Gina A. Amoyen, Editha T. Giron, Atty. Donato D. Balderas Jr., German E. Flora, Virgilio C. Boado, Alejo R. De Sesto |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** _______________________

**Department of Education – Region I**
Office Address: Flores St., Catbangen, City of San Fernando, La Union
Telefax: (072) 682-2324; (072) 607-8137
E-mail Address: region1@deped.gov.ph

# 10

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 6:
## Nobela mula sa France
## (Panitikang Mediterranean)

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinomang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan naming magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kaming matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



# *Alamin*

Magandang araw sa iyo. Kumusta ka? Batid kong sabik ka nang mag-aral at matuto. Kung gayon, halika na't maghanda. Natitiyak kong magugustuhan mo ang araling ating pag-aaralan.


Ang **Modyul 6** ay tungkol sa nobelang mula sa France. Ang France ay kilala bilang sentro ng edukasyon at idealismo noong *Age of Enlightenment* sa Europe. Kilala rin ang bansa sa hindi maitatatuwang kagandahan ng estruktura ng mga gusali. Kakambal ng kagandahan ng bansa ang kagandahan ng kanilang panitikan. Hindi mabilang na aklat at nobela ang naisulat sa France na likha ng itinuturing na mga tanyag sa pagsulat ng panitikan.

Sa araling ito, inaasahang maipamamalas mo ang pag-unawa at pagpapahalaga sa nobelang pinamagatang "Ang Kuba ng Notre Dame". Buod lamang nito ang babasahin na isinalin sa Filipino ni Willita A. Enrijo. Ang nobelang ito ay inilathala noong 1831, isinulat ni Victor Hugo na itinuturing na isa sa mga mahuhusay na manunulat sa mundo. Bahagi rin ng aralin ang pagtalakay sa mga salitang naglalarawan na makatutulong para sa mas malalim na pag-unawa sa paksang nais ipabatid ng babasahing nobela.

Sa pag-aaral sa modyul na ito, inaasahang matatamo mo ang sumusunod:

**Mga Pinakamahahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELC)**

1. Naibibigay ang katangian ng isang tauhan batay sa napakinggan/nabasang diyalogo. **(F10PN-Ig-h-67)**
2. Nasusuri ang binasang kabanata ng nobela bilang isang akdang pampanitikan sa pananaw humanismo o alinmang angkop na pananaw. **(F10PB-Ig-h-68)**
3. Nakikilala ang pagkakaugnay-ugnay ng mga salita ayon sa antas o tindi ng kahulugang ipinahahayag nito (clining). **(F10PT-Ig-h-67)**
4. Naihahambing ang ilang pangyayari sa napanood na dula sa mga pangyayari sa binasang kabanata. **(F10PD-Ig-h-66)**
5. Nailalarawan ang kultura ng mga tauhang masasalamin sa kabanata. **(F10PS-Ig-h-69)**



# Subukin

*Bago tayo dumako sa ating talakayan tungkol sa nobela, magkakaroon muna tayo ng paunang pagtataya. Sikaping gawin ito sapagkat ito'y may kinalaman sa nilalaman ng akdang iyong babasahin at susuriin sa mga susunod na pahina.*

**PAUNANG PAGTATAYA**

A. Panuto: Basahin at unawain ang sumusunod na pahayag / katanungan. Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

_____ 1. "Ikaw ang dahilan ng pagkawala ng aking iniibig kaya kailangan mong mamatay!" Anong katangian ng tauhan ang lutang sa pahayag?
A. mapagbintang C. madaling magalit
B. mapaghiganti D. mainitin ang ulo

_____ 2. "Walang ibang babae akong minahal." Anong katangian ang nangingibabaw sa pahayag?
A. pagiging matapat C. pagiging maalalahanin
B. pagiging maawain D. pagiging mapagmataas

_____ 3. "Labis na nasaktan si Quasimodo sa pagkawala ni La Esmeralda". Anong damdamin ang namayani sa pahayag?
A. panlilibak C. pagkalungkot
B. pagkagalit D. pagkayamot

_____ 4. Sa pananaw na ito, sinasabing ang tao ang pinakasentro ng daigdig.
A. Feminismo C. Existensiyalismo
B. Humanismo D. Romantisismo

_____ 5. Sa nobelang Ang Kuba ng Notre Dame, ang katauhan ng kuba ang pokus ng akda. Anong pananaw ang lutang sa akda?
A. Feminismo C. Existensiyalismo
B. Humanismo D. Romantisismo

_____ 6. Ito ay naglalahad ng isang kawil ng mga kawili-wiling pangyayari na hinabi sa isang mahusay na pagkakabalangkas.
A. Dula C. Nobela
B. Maikling Kuwento D. Sanaysay

_____ 7. <u>Nagtampo</u> ang kuba nang malaman na ang iniibig niya ay gusto din ng kanyang ama-amahan. Kung pasisidhiin ang kahulugan ng salitang nakaitalisado. Alin ang pinakamasidhing kahulugan nito?
A. nainis C. nasuklam
B. nagalit D. napoot

_____ 8. <u>Masaya</u> ang kuba nang pansinin siya ng magandang si La Esmeralda. Alin sa mga sumusunod ang pinakamasidhing kahulugan ng may salungguhit?
A. naiiyak sa tuwa C. nag-uumapaw ang puso sa galak
B. lumulutang sa alapaap D. walang pagsidlan ang puso sa tuwa

_____ 9. Sa nobelang “Ang Kuba ng Notre Dame, “Sama-samang lumusob ang mga pulubi upang iligtas mula sa kamatayan ang kaibigan nilang si La Esmeralda.” Anong kultura ang lutang sa akda?

A. Ang pagkonsinte ng mga tao sa maling gawain.
B. Ang pagpapakitang gilas ng mga tao upang purihin sila.
C. Ang pagkakaisa ng mga tao upang labanan ang kasamaan.
D. Ang pagiging matulungin ng mga mababang uri ng mamamayan.

_____ 10. “Nagkakasiyahan ang mga tao sa Paris habang ipinaparada ang kubang tinanghal bilang “Papa ng Kahangalan”. Anong kultura ang ipinapakita dito?

A. Masayahin ang mga tao sa Paris.
B. Gustong-gusto ng mga taga-Paris ang magkasiyahan sa kalsada.
C. Mahilig sa kasiyahan at mga pagdiriwang ang mga taga-Paris.
D. Pinapahalagahan ng mga mamamayan ng Paris ang mga pangit.

B. Panuto: Iguhit sa iyong sagutang papel ang ☺ kung ang pahayag ay Tama at ☹ naman kung Mali.

_____ 1. Ang nobela ay nababasa sa isang upuan lamang.
_____ 2. Ang tauhang lapad ay tumukoy sa mga tauhang walang pagbabago sa katangian mula sa pagpapakilala sa simula hanggang wakas.
_____ 3. Pinaniniwalaan ng humanismo na ang tao ay isang rasyonal na nilikha na may kakayahang maging makatotohanan at mabuti.
_____ 4. Pangunahing layunin ng nobela ay magbigay ng opinyon o kuro-kuro.
_____ 5. Ang tatlong elemento na karaniwang matatagpuan sa isang mahusay na nobela ay (1) isang kuwento o kasaysayan, (2) isang pag-aaral at (3) paggamit ng malikhaing guni-guni.
_____ 6. Ang panghalip ay mga salitang angkop na gamitin sa paglalarawan.
_____ 7. Ang karaniwang paglalarawan ay tumutukoy sa karaniwang anyo ng paglalarawang naayon sa nakikita.
_____ 8. “Tila isang diyosa si La Esmeralda sa kagandahan.” Ito’y halimbawa ng isang masining na paglalarawan.
_____ 9. “Huwad ang pag-ibig ni Phoebus.” Ito’y halimbawa ng karaniwang paglalarawan.
_____ 10. Isang mabisang paraan ng paglalahad ng mga pangyayari at mensahe sa isang akda ay ang pagsasalaysay ng mga tauhan, tagpuan at pangyayari.

*Mahusay! Matagumpay mong naisagawa ang paunang pagtataya. Alam kong nais mo pang madagdagan ang iyong kaalaman at mapalalim ang iyong pagkatuto. Huwag kang mag-alala. Halika’t magpatuloy pa tayo.*

| Aralin 1.1 | Nobela mula sa France<br>Panitikan: Ang Kuba ng Notre Dame |
|---|---|



## *Balikan*

*Sa nakaraang modyul, natalakay natin ang kahulugan ng maikling kuwento at ang mga panghalip bilang panuring sa tauhan. Nabatid nating ang maikling kuwento ng tauhan ay isang akdang mababasa sa isang upuan lamang. Bilang pagbabalik-tanaw sa kasanayan sa nakaraang modyul, inaasahang isasagawa mo ang gawain gamit ang konsepto ng mga nakaraang aralin. Kung kaya, halika na't magsimula na tayo.*

**Gawain 1: Nabasa Ko...Itatala Ko**

Panuto: Magtala ng mga nabasang akdang pampanitikan at magbigay ng isang katangian ng akdang binasa. Gamitin ang talahanayan sa pagsagot at sagutin ang gabay na mga tanong sa inyong sagutang papel.

| Akdang Pampanitikan | Pamagat | Pinagmulang Bansa | Katangian ng Akda |
|---|---|---|---|
| Mito | | | |
| Sanaysay | | | |
| Maikling Kuwento | | | |

*Mga Gabay na Tanong*

1. Paano naipakilala / nasalamin ng akda ang bansang pinagmulan nito?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Ano ang pagkakatulad / pagkakaiba ng mga katangian ng akdang pampanitikan?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Ibigay ang naidulot ng pagbabasa ng iba't ibang akdang pampanitikan sa iyo bilang mambabasa. Ipaliwanag ang sagot.

   ______________________________________________

   ______________________________________________

*Mahusay! Masigasig mong natapos ang unang gawain. Magpatuloy ka pa at tiyak lalago pa ang iyong kaalaman.*

## *Tuklasin*

*Narito ang buod ng nobelang isinulat ni Victor Hugo na pinamagatang "Ang Kuba ng Notre Dame". Gusto niyang sa pamamagitan ng kaniyang isinulat ay maramdaman ng mga tao na kahit anong pisikal na katangian mayroon ang isang tao ay tao pa rin ito, humihinga, tumatawa, umiibig at nakararamdam ng sakit. Ang nobelang ito ang maghahatid ng magandang inspirasyon lalo na sa mga taong hindi man nabiyayaan ng magandang panlabas na anyo ngunit nag-uumapaw naman ang kagandahan ng loob.*

*Mahal kong mag-aaral, basahin at alamin mo kung makikita ba ang magandang mukha ng bansang France sa kanilang panitikan sa pamamagitan ng akdang ito. Gayon din, bigyang-pansin mo kung paano naiiba ang nobela sa iba pang uri ng akdang pampanitikan sa pagkilala sa kultura at kaugalian ng isang bansa.*

### Ang Kuba ng Notre Dame

*ni Victor Hugo*
*Isinalin sa Filipino ni Willita A. Enrijo*
*Muling isinalaysay ni Jocelyn B. Cardinez*

Noong unang panahon mayroong isang kuba na nagngangalang Quasimodo, sobrang pangit ng mukha at pinandidirihan siya ng mga tao dahil sa hitsura at kadungisan nito. Nakatira siya sa Notre Dame.

Isang araw, sa isang malawak na espasyo ng Katedral sa Paris nagtipon-tipon ang mga tao upang ipagdiwang ang "Pagdiriwang ng Kahangalan", Itinanghal bilang "Papa ng Kahangalan" si Quasimodo, kinukutya at nilalait siya habang ipinaparada sa iba't ibang bahagi ng lugar.



*Muling iginuhit ni Rodel R. Rimando (2020). Larawan nina Quasimodo at La Esmeralda*

Sa kabila ng mga panlalait sa kaniya hindi siya nagpatinag. Nabighani siya sa isang napakagandang dalagang si La Esmeralda. Subalit hindi lang siya ang nagkakagusto sa dalaga. Ang kaniyang ama-amahang paring si Claude Frollo, ang kapitan ng mga kawal na si Phoebus at ang makata at pilosopong si Pierre Gringoire ay nabighani rin. Labis ang pagnanasa ni Frollo kay La Esmeralda kung kaya't sinunggaban niya ito isang araw na naglalakad mag-isa. Nailigtas naman si La Esmeralda ng pilosopong si Gringoire at dinakip si Quasimodo. Si Gringoire na nagligtas kay La Esmeralda naman ay hinuli ng mga pulubi at itinakdang bitayin ngunit iniligtas siya ng dalaga sa pagbitay sa pamamagitan ng pagkakasal sa kaniya.

Kinabukasan, hinatulan naman si Quasimodo ng parusang paghagupit sa harapan ng madla. Nang siya ay nauuhaw at humingi ng maiinom, nilapitan siya ni La Esmeralda at binigyan ng tubig. Dito naantig

ang puso ni Quasimodo kay La Esmeralda. Sa di kalayuan ay may babaeng baliw na sumisigaw kay La Esmeralda. Tinatawag siya ng babaeng “hamak na mananayaw” at “anak ng magnanakaw”. Kilala ang babae sa tawag na Sister Gudule. Siya ay pinaniniwalaang dating mayaman subalit nawala ang bait nang mawala ang anak na babae, labinlimang taon na ang nakalilipas.

Makaraan ang ilang buwan, habang si La Esmeralda ay sumasayaw sa tapat ng Notre Dame at pinagkakaguluhan ng maraming tao, napagawi ang mga mata ni Phoebus sa mapang-akit na kagandahan ng dalaga. Nang mapuna ni La Esmeralda si Phoebus ay napaibig dito ang dalaga. Tila siya nawalan ng ulirat nang kaniyang marinig ang paanyaya ng binata na magkita sila mamayang gabi upang lubos na magkakilala. Si Frollo ay nakatanaw lamang mula sa tuktok ng Notre Dame at nakaramdam ng matinding panibugho sa nasasaksihan. Ang kaniyang matinding pagnanasa kay La Esmeralda ang nag-udyok sa kaniyang talikuran ang Panginoon at pag-aralan ang itim na mahika. Mayroon siyang masamang balak. Nais niyang bihagin ang dalaga at itago sa kaniyang selda sa Notre Dame. Nang sumapit ang hatinggabi, sinundan niya si Phoebus sa pakikipagtipan kay La Esmeralda. Habang masayang nag-uusap ang bagong magkakilala ay biglang may sumunggab ng saksak kay Phoebus ngunit mabilis ding naglaho ang may sala. Hinuli ng mga alagad ng hari si La Esmeralda sa pag-aakalang siya ang may kagagawan ng paglapastangan sa kapitan.

Matapos pahirapan sa paglilitis, sapilitang pinaako kay La Esmeralda ang kasalanang hindi niya ginawa. Dinalaw siya ni Frollo sa piitan at ipinagtapat ang pag-ibig sa kaniya. Nagmakaawa ang pari na mahalin din siya at magpakita man lang kahit kaunting awa ang dalaga subalit tinawag lamang siya ni La Esmeralda ng tiyanak na monghe at pinaratangang mamamatay tao. Tumanggi siya sa lahat ng alok ni Frollo.

Bago ang pagbitay, iniharap si La Esmeralda sa maraming tao sa tapat ng Notre Dame upang kutyain. Napansin ng dalaga ang anyo ni Phoebus kaya isinigaw niya ang pangalan ng binata. Si Phoebus ay nakaligtas sa tangkang pagpatay sa kaniya. Tumalikod si Phoebus na tila walang naririnig at tinunton ang bahay ng babaeng kaniyang pakakasalan. Ilang sandali’y dumating si Quasimodo galing sa tuktok ng Notre Dame patungo kay La Esmeralda gamit ang tali. Hinila niya paitaas ang dalaga patungo sa Katedral at tumatangis na isinigaw ang katagang “Santuwaryo”. Si Quasimodo ay napaibig kay La Esmeralda nang araw na hatiran siya ng dalaga ng tubig sa panahong wala man lang magnasang tumulong sa kaniya. Matagal na niyang pinagplanuhan kung paano itatakas si La Esmeralda sa naging kalagayan nito. Batid ni Quasimodo na ang dalaga ay mananatiling ligtas hangga’t nasa katedral. Sa mga araw na magkasama ang dalawa, mahirap para kay La Esmeralda na titigan ang pangit na anyo ni Quasimodo. Di nagtagal, naging magkaibigan ang dalawa.

Lumusob sa katedral ang pangkat ng mga taong palaboy at magnanakaw – sila ang kinikilalang pamilya ni La Esmeralda. Naroon sila upang sagipin ang dalaga sapagkat narinig nila na nagbaba ng kautusan ang parlamentaryo na paaalisin si La Esmeralda sa katedral. Samantala, inakala naman ni Quasimodo na papatayin ng mga lumusob si La Esmeralda kaya gumawa siya ng paraan upang iligtas ang dalaga. Malaking bilang ng mga lumusob ang napatay ni Quasimodo. Habang nagkakagulo, sinamantala ni Frollo na makalapit kay La Esmeralda. Nag-alok siya ng dalawang pagpipilian ng dalaga: ang mahalin siya o ang mabitay? Mas pinili ni La Esmeralda ang mabitay kaysa mahalin ang isang hangal na tulad ni Frollo. Iniwan ni Frollo ang dalaga na kasama si Sister Gudule. Sa pag-uusap ng dalawa nabatid nila na sila’y mag-ina dahil sa kuwintas na suot ng dalaga. Ito ang kaniyang palatandaan na suot ng kaniyang anak bago mawala.

Pagkalipas ng ilang sandali dumating ang mga kawal at dinakip si La Esmeralda. Napatay si Gudule ng mga kawal sa pagtatangkang pagligtas sa anak.

Nang mabatid ni Quasimodo na nawawala si La Esmeralda, tinunton niya ang tuktok ng tore at doon hinanap ang dalaga. Sa 'di kalayuan, napansin niya ang anyo ng dalaga. Si La Esmeralda ay nakaputing bestida at wala ng buhay. Nalungkot siya sa kaniyang nasaksihan. Labis na galit ang nararamdaman niya kay Frollo na noon pa man ay batid niyang may matinding pagnanasa sa dalaga. Nawala sa katinuan si Quasimodo. Nang mamataan niya si Frollo, hinila niya ito at sa matinding lungkot at galit na nararamdaman ay inihulog niya ito mula sa tore – ang paring kumupkop sa kaniya. Inihulog niya sa kamatayan ang taong naghatid ng pagdurusa sa babaeng kaniyang minahal – si La Esmeralda.

Pinuntahan niya ang bangkay ng dalaga at habang nakatitig sa wala ng buhay na katawan nito, sumigaw si Quasimodo, "walang ibang babae akong minahal". Mula noon, hindi na muling nakita pa si Quasimodo. Matapos ang ilang taon, nang matagpuan ng isang lalaking naghuhukay ng puntod ang libingan ni La Esmeralda, nasilayan niya ang hindi kapani-paniwalang katotohanan - nakayakap ang kalansay ng kuba sa katawan ng dalaga.

*Maaaring panoorin sa link na ito.*
https://www.youtube.com/watch?v=ygjXLlHQ5iM

**Gawain 2: Paglinang ng Talasalitaan**

Panuto: Ayusin ang mga salita ayon sa antas o tindi ng kahulugan. Gamitin ang teknik sa pagkiklino. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| 1. | galit<br>muhi<br>poot<br>ngitngit | ________<br>________<br>________<br>________ |
| 2. | hapis<br>lumbay<br>lungkot<br>pighati | ________<br>________<br>________<br>________ |
| 3. | kinupkop<br>inalagaan<br>kinalinga<br>tinangkilik | ________<br>________<br>________<br>________ |
| 4. | kalokohan<br>kahangalan<br>kabaliwan<br>kagunggungan | ________<br>________<br>________<br>________ |
| 5. | kagalakan<br>kasiyahan<br>katuwaan<br>kaligayahan | ________<br>________<br>________<br>________ |

**Gawain 3: Suring Tauhan**

Panuto: Sa pananaw humanismo, ipinakikitang ang tao ay ang sukatan ng lahat ng bagay kaya binibigyang-halaga ang kaniyang saloobin at damdamin. Gamit ang padron sa ibaba, ilarawan ang katangian ng mga tauhan sa nobelang binasa at paano ipinakikilala ang kultura o pagkakakilanlan ng bansang kaniyang pinagmulan. Gayahin ang pormat sa iyong sagutang papel.

| Tauhan | Ano ang kaniyang katangian? | Ano ang kaniyang damdamin? | Paano ipinakita ang mga namumukod na katangian na mula sa bansang kaniyang pinagmulan? |
|---|---|---|---|
| Quasimodo | | | |
| Claude Frollo | | | |
| La Esmeralda | | | |
| Phoebus | | | |
| Sister Gudule | | | |

**Gawain 4: Pagsusuri sa Akda**


Panuto: Suriin ang mga mahahalagang pangyayari sa nobelang "Ang Kuba ng Notre Dame" sa pamamagitan ng pagsagot sa mga gabay na tanong. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

1. Bakit kinukutya ang kuba ng mga tao?
_______________________________________________
_______________________________________________
2. Bakit sunod-sunuran si Quasimodo sa paring si Claude Frollo?
_______________________________________________
_______________________________________________
3. Bakit si La Esmeralda ang hinuli ng mga alagad ng hari sa nangyaring pagtatangka sa buhay ni Phoebus?
_______________________________________________
_______________________________________________
4. Paano nalaman ni La Esmeralda ang katotohanan tungkol sa tunay niyang ina?
_______________________________________________
_______________________________________________
5. Sa iyong palagay, ano ang nais ipabatid ng may-akda sa kaniyang isinulat na nobela na may kaugnayan sa bansang pinagmulan?
_______________________________________________
_______________________________________________

**Gawain 5: Makabuluhang Hambingan**

Panuto: Ihambing ang ilang pangyayari sa napanood na dula (teleserye) sa mga pangyayari sa binasang kabanata ng nobela. Gamitin ang talahanayan sa pagsagot sa iyong sagutang papel.

| PAGHAHAMBING | | |
|---|---|---|
| Ang Kuba ng Notre Dame | | Napanood na Teleserye (Pamagat) |
| ⇦ | Pangyayari 1 | ⇨ |
| ⇦ | Pangyayari 2 | ⇨ |
| ⇦ | Pangyayari 3 | ⇨ |



## *Suriin*

*Basahin at unawain mo ang mahahalagang impormasyon tungkol sa nobela. Mahalagang mabatid mo ito sapagkat makatutulong ito upang lalo mong maunawaan kung paano naiiba ang nobela sa iba pang uri ng akdang pampanitikan sa pagkilala sa kultura at kaugalian ng isang bansa.*

***Alam mo bang...***

**Nobela** ang tawag sa akdang pampanitikang pang-aklat ang haba, binubuo ng mga kabanata at ang banghay ay inilalahad sa pamamagitan ng mga tauhan at diyalogo.

- Ito'y naglalahad ng isang kawil ng mga kawili-wiling pangyayari na hinabi sa isang mahusay na pagkakabalangkas.
- Ang tatlong elemento na karaniwang matatagpuan sa isang mahusay na nobela ay (1) isang kuwento o kasaysayan, (2) isang pag-aaral at (3) paggamit ng malikhaing guni-guni.
- Pangunahing layunin ng nobela ay lumibang, bagaman sa di-tahasang paraan, ito'y maaari ring magturo, magtaguyod ng isang pagbabago sa pamumuhay o sa lipunan, o magbigay ng isang aral.
- May dalawang uri tayo ng tauhan sa isang nobela o alinmang akdang tuluyan.
  a. <u>*Tauhang Lapad*</u> - uri ng tauhang walang pagbabago sa katangian mula sa pagpapakilala sa simula hanggang wakas.
  b. <u>*Tauhang Bilog*</u> – uri ng tauhang nag-iiba ang katangian sa mula sa pagpapakilala sa simula at sa wakas.

**<u>Mga Dapat Tandaan sa Pagsulat ng Nobela</u>**

1. Sa isang mahusay na nobela, ang mga tauhan ay hindi pinagagalaw ng may-akda. Sila'y gumagalaw ng kusa – lumuluha, nalulugod, nagtataksil, nagtatapat, nang-aapi, tumatangkilik – alinsunod sa angkin nilang lakas, mga hangarin at mga nakapaligid sa kanila. Ang mga kilos nila'y siyang kilos na hinihingi ng katutubo nilang ugali at ng mga pangyayaring inilalarawan ng kumatha.
2. Ang mga masasaklaw na simulain ng pagsasalaysay. Ang nobela ay dapat sumunod sa masasaklaw na simulain ng pagsasalaysay. Ang nobela'y may pauna, na tumutugon sa mga katanungang "Sino?", "Ano?", "Kailan?", "Saan?".
3. Sa pagsusuri ng mga akda tulad ng nobela, isang mahalagang pamaraan ang paglalapat ng pananaw. Sa ***teoryang humanismo***, itinatanghal ang buhay, dignidad, halaga, at karanasan ng bawat nilalang maging ang karapatan at tungkulin ng sinoman para linangin ang sariling talino at talento.
4. Pinaniniwalaan ng humanismo na ang tao ay isang rasyonal na nilikha na may kakayahang maging makatotohanan at mabuti. Sa madaling salita, ang humanismo ay naniniwala na ang tao ang sukatan ng lahat ng bagay, ang siyang pinanggagalingan ng lahat.
5. Mainam tingnan sa sumusunod ang pagsusuri ng panitikan (Pagkatao, Tema ng akda, Mga pagpapahalagang pantao, Mga bagay na nakaiimpluwensiya sa pagkatao ng tauhan, Pamamaraan ng pagbibigay solusyon sa problema)

**Gawain 6: Katangian Ko...Diyalogo Ko**

Panuto: Ibigay ang katangian ng bawat tauhan batay sa kaniyang diyalogong hango sa mga akdang kinabibilangan. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

1. "Walang ibang babae akong minahal." ________________________

   *Halaw sa nobelang "Ang Kuba ng Notre Dame"*

2. "Kailanma'y huwag kang masisiraan ng loob", sabi niya sa akin, bagama't hindi ko siya naiintindihan." ________________________

   *Halaw sa nobelang "Ang Pagbabalik"*

3. "Daddy, patawad po. Nais ko lamang na lumigaya sa buhay. Nasa katanghalian na po ako ng buhay ko. Ayaw ko pong mag-isa balang araw kapag ako'y nawala." ________________________

   *Halaw sa kuwentong "Nang Minsang Naligaw si Adrian"*
   *LM Grade 9, pp.15.*

4. "Hindi ako pumupunta sa bahay ng isang lalaking estranghero sa akin", sabi ng babae. ________________________

   *Halaw sa nobelang "Isang Libo't Isang Gabi*
   *(Thousand and One Nights)" Saudi Arabia*

5. "Sige, bibigyan kita ng trabaho. Pero ayoko ng tamad, ha? Dos singkwentang gana mo." (Doon ho sa pinagtrabahuan ko, tatlong pisong…) "O, e, di doon ka magtrabaho. Burahin ko nang pangalan mo?" ________________________

   *Halaw sa nobelang "Maynila sa Kuko ng Liwanag"*

6. "Kasalanan n'yo ang nangyari, e! Natataranta kasi kayo basta may kostumer kayong 'kano. Pa'no natitipan kayo ng dolyar. Basta nakakita kayo ng dolyar, naduduling na kayo, kaya binabastos ninyo ang mga kapwa Pilipino." ________________________

   *Halaw sa nobelang "Gapo" ni Lualhati Bautista*

7. “Kaawaan nawa ng Diyos ang mga nagligaw sa kaniya sa matuwid na landas!” ______________________________

*Halaw sa nobelang “Mga Ibong Mandaragit”*

8. “Hahanapin ko ang anak ko, kahit saan ako makarating,” ang malungkot niyang sagot.” ______________________________

*Halaw sa nobelang “Pusong Walang Pag-ibig” ni Roman G. Reyes*

9. “Ako naman, awang-awa sa mga bata! salo ni Amelita. Napangiti si Mauro, Naawa rin ako sa mga bata.” ______________________________

*Halaw sa nobelang “Titser” ni Liwayway A. Arceo*


10. “Gaano na karaming dusa…at kahihiyan…ang naidulot ko sa iyo, anak ko!” aniya pa at pinakahigpit ang yakap ng bunso.” ______________________________

*Halaw sa nobelang “Maganda Pa Ang Daigdig” ni Lazaro Francisco*

*Mga Gabay na Tanong:*

1. Paano nakatulong ang mga pangyayari sa pagkilala sa katangian ng tauhan? ______________________________
2. Nalaman ba sa diyalogo ang pagkakakilanlan sa isang tauhan? Patunayan. ______________________________
3. Batay sa diyalogo, paano naging mabisa ang pagpapalutang ng may-akda sa katangian ng tauhan sa paglalahad ng mga pangyayari sa akda? ______________________________

*Mahusay! Matagumpay mong naisagawa ang gawain. Ngayon naman ay ihanda mo ang iyong sarili sa susuriing buod ng nobelang Ang Kuba ng Notre Dame.*



## *Pagyamanin*

*Binabati kita sa iyong masigasig na pagsagot sa mga katanungan. Sa bahaging ito, inaasahang mailalarawan mo ang katangian ng mga tauhan sa nobelang binasa.*

**Gawain 7: Ilarawan Mo Ako**

Panuto: Ilarawan ang katangian at kultura ng mga tauhan na masasalamin sa nobela. Gamitin ang dayagram sa pagsagot. Gayahin ang pormat sa iyong sagutang papel.



# Isaisip


*Natitiyak kong batay sa nobelang binasa may mga mahahalagang konseptong natutuhan mo. Sa bahaging ito ay iyong pagninilayan at bumuo ka ng mahahalagang konsepto na natutuhan mula sa araling tinalakay sa tulong ng pagsagot sa mga sumusunod na tanong.*

**Gawain 8: Opinyon Ko, Mahalaga!**
Panuto: Sumulat nang maayos na paliwanag tungkol sa mga tanong na nasa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Paano mabisang nailalapit sa mga mambabasa ang salaysay na nakapaloob sa nobela?
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
2. Paano nakatutulong ang mga salitang naglalarawan sa pagkakaroon ng mabisang salaysay na nakapaloob sa buod ng isang nobela?
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

# Isagawa

**Gawain 9: Ikuwento Mo!**
Panuto: Bumuo ng story caravan (pagkilala sa mahahalagang pangyayari sa akda) mula sa binasang buod ng nobela. Sa bawat mahalagang pangyayari tukuyin ang masasalaming kultura dito. Isulat ang sagot sa sagutang papel. Kopyahin ang pormat sa ibaba



Kulturang masasalamin sa bawat pangyayari.

1. ______________________________________________
2. ______________________________________________
3. ______________________________________________
4. ______________________________________________

Aralin **1.2**

# Wika at Gramatika: Mga Salitang Naglalarawan



## *Balikan*

*Binabati kita! Mahusay mong natapos ang gawain. Sa pagkakataong ito ay iyong matutunghayan ang mga salitang ginagamit sa paglalarawan.*

**Gawain 1: Hanapin Mo at Guhitan!**
Panuto: Piliin sa pangungusap ang pariralang naglalarawan sa pamamagitan ng pagsalungguhit sa mga ito.

1. Napakakinis ang mukha at balat ni La Esmeralda.
2. Masigasig na kapitan ng mga sundalo si Phoebus.
3. Sagad hanggang buto ang kanyang galit kay Frollo.
4. Mga mapanglait ang mga taong dumalo sa pagdiriwang.
5. Ang mapagmalasakit na kuba ay hinangaan ng dalaga.
6. Nabighani siya sa isang napakagandang dalagang si La Esmeralda.
7. Busilak ang kanyang puso kaya madaling nahulog ang loob ng kuba sa kaniya.
8. Kumulo ang dugo ni Quasimodo nang masilayan ang paring nag-udyok sa kamatayan ng sinisinta niyang dalaga.
9. Kasing kapal ng balat ng kalabaw ang mga palad ni Quasimodo dahil sa kaniyang kasipagan.
10. Di-maliparang uwak ang lupaing kinatitirikan ng katedral ng Notre Dame.



## *Tuklasin*

*Mahusay! Binabati kita sa sipag at tiyaga na iyong ipinakita. Ngayon, ang susunod mo namang basahin ang isang talatang naglalarawan.*

Si Amanda Bartolome ay isang mapagmahal at matapang na babaeng nagsisikap matunton at maunawaan ang tunay na kahulugaan ng pagiging isang babae sa gitna ng masalimuot na kalagayan ng bansa noong dekada '70 sa ilalim ng Batas Militar. Bukod sa isang babae, kumikilos siya bilang ilaw ng tahanan sa limang anak na pulos lalaki at mapagbigay na may-bahay sa asawang si Julian.Bagaman tradisyonal, umiiral sa pamilya Bartolome ang kalayaan sa pagpapahayag ng damdamin kung kaya't lumaki ang kanilang mga anak na mulat

ang kamalayan sa nangyayari sa lipunan. Ang matapang niyang panganay na anak na si Jules ay sumali sa kilusang makakaliwa. Naging makata at magaling na manunulat naman si Emman, at nahilig sa musikang rock 'n roll naman si Jason. Ang makisig niyang anak na si Gani naman ay malayang pinasok ang pagiging US Navy bagaman taliwas ito sa paniniwala ng mga kapatid. Sa kabila ng napakaraming pagsubok ng panahon nanatiling matatag ang pamilya Bartolome. Dito rin nasubok ang katatagan ng pagsasama nina Amanda at Julian, kung saan si Amanda ay nagnais na matunton ang sarili bilang isang babae, malayo sa dikta ng lipunan at ng asawa.

*Halaw sa nobelang Dekada '70*
*ni Lualhati Bautista*

**Gawain 2: Unawain Mo**

Panuto: Sagutin ang sumusunod pahayag at tanong batay sa binasang talata. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Paano makikita kay Amanda Bartolome ang katangiang pagkakakilanlan ng kanyang bansa?
   ______________________________
   ______________________________
   ______________________________

2. Ilarawan ang kaugalian o kulturang masasalamin sa binasang talata.
   ______________________________
   ______________________________
   ______________________________

3. Paano nakatulong ang mga salitang naglalarawan upang mabisang mailahad talata?
   ______________________________
   ______________________________
   ______________________________

4. Balikan ang talata. Itala sa kahon sa ibaba ang mga salitang ginamit sa paglalarawan.

5. Mula sa mga salitang naitala sa bilang 4. Pumili ng lima at gamitin sa sariling pangungusap.
   ______________________________
   ______________________________
   ______________________________



# *Suriin*

***Alam mo bang...***

**Paglalarawan** ang tawag sa isang paraan upang maliwanag ang pakikipagtalastasan. Magiging madali ang pagkakaunawaan kung angkop ang mga salitang ginagamit sa paglalarawan sa mga bagay-bagay na pinag-uusapan.

- Nilalayon ng pagpapahayag na ito na luminaw sa guniguni ng mambabasa o tagapakinig ang pagiging katangi-tangi ng isang tao, bagay, pook, pangyayari, konsepto at isyu sa iba pang kauri nito.
- Dahil ang paglalarawan ay kinakailangang maging malinaw at buhay na buhay upang maging mabisa, makatutulong na pag-isipan ang mga tiyak na pang-uring gagamitin.
- Ang **pang-uri** ay mga salitang angkop na gamitin sa paglalarawan. Ito ay mga salitang naglalarawan sa tao, bagay, pook o pangyayari.
- Isang mabisang paraan ng paglalahad ng mga pangyayari at mensahe sa isang akda ay ang paglalarawan ng mga tauhan, tagpuan at pangyayari.
- Pinalulutang ang mga katangian ng mga tauhan at maging ang kabuoang daloy ng kuwento, hindi lamang ang pisikal na katangian nito kundi maging ang mga pag-uugali at kanilang pakikitungo sa kapwa.

## Uri ng Paglalarawan

1. ***Obhektibo o Karaniwang Paglalarawan*** – tumutukoy sa karaniwang anyo ng paglalarawang naayon sa nakikita. Impormasyon lamang ukol sa inilalarawan ang isinasaad, hindi ito nahahaluan ng anomang emosyon, saloobin at idea. Dito bumubuo ng isang pisikal na larawan, halimbawa ang paglalarawan ng tao at ng isang kaakit-akit na tanawin. Sa pagsulat ng karaniwang paglalarawan, kailangan ang talas ng pandamdam, tulad ng paningin, pang-amoy, panlasa at pandama. Layunin ng paglalarawan ang maipakita sa mambabasa ang kabuoan ng tao o lugar na kaniyang nakita.

   *Halimbawa:*
   a. Maganda ang lahat kay La Esmeralda, makinis at maputi ang kaniyang balat, makintab ang mahaba niyang buhok at kapag ngumiti, lumalabas ang kaniyang maputi at pantay na mga ngipin.
   b. Si Frollo ay matanda na.
   c. Huwad ang pag-ibig ni Phoebus.

2. ***Subhektibo o Masining na Paglalarawan*** – tumutukoy sa paglalarawang napalolooban ng damdamin at pananaw ng manunulat ukol sa kaniyang inilalarawan. Ang ganitong uri ng paglalarawan ay naglalarawan ng isang paksa batay sa kung paano ito binibigyang kahulugan o tinitignan. Ito ay pumupukaw ng guniguni o imahinasyon. Gumagamit ito ng mga salitang nagbibigay kulay, tunog, galaw at matinding damdamin gaya ng mga tayutay at matatalinghagang salita.

   *Halimbawa:*
   a. Tila isang diyosa si La Esmeralda sa kagandahan.
   b. Si Frollo ay lipas na sa panahon.

c. Ang pag-ibig ni Phoebus ay mapagbalatkayo.
d. Nagdadalamhati ang langit sa mga sandaling iyon. Masidhing lungkot at galit ang nangibabaw sa kaniya. Parang pinaksakluban ng langit at lupa ang naramdam ni Quasimodo sa pagkitil sa buhay ng kaniyang sinisintang dalaga.

**<u>Mga Dapat Tandaan sa Mahusay na Paglalarawan</u>**

1. Pumili ng paksa na nais mong ilarawan. Higit na mabisa ang paksang may kaalaman ka. Halimbawa nito ay mga bagay na nakikita sa araw-araw.
2. Bumuo ng isang pangunahing larawan na unang makikintal sa isipan at damdamin. Halimbawa, ang kapangyarihan, karangyaan, katahimikan, pagmamahal at iba pang uri ng damdamin.
3. Pumili ng sariling pananaw sa paglalarawan. Mula sa iyong kinatatayuan o posisyon, ilarawan mo ang isang bagay o pangyayari. Sa iyong pananaw, makikita ng mambabasa ang iyong layo o lapit sa paglalarawan. Halimbawa ang mga naglalarong bata sa park o ang nagtuturong guro sa loob ng silid-aralan.
4. Magkaroon ng kaisahan sa pagpili ng bahaging nakikita lamang sa iyong pananaw. Sapagkat nasa isang posisyon ka sa paglalarawan, kailangan kung ano lamang ang iyong namamasid sa oras na iyon. Iwasan ang pag-iba-iba ng pananaw.
5. Pumili ng mga detalyeng bubuo sa nais ilarawan. Kung ang paksa ay tao, mga katangian lamang ang ilarawan. Hindi ka dapat manghusga, panlabas, man o panloob. Walang kinalaman ang iyong kuro-kuro o opinion sa paksang ilalarawan.

**Gawain 3: Pagsasanib ng Gramatika at Retorika**

A. Panuto: Tukuyin ang salita / mga salitang naglalarawang ginamit sa pangungusap at kilalanin kung karaniwan o masining ang paglalarawan. Isulat ang lahat ng sagot sa sagutang papel gamit ang talahanayan.
   1. Nababalot ng kadiliman ang puso ni Claude Frollo.
   2. Hindi mahulugang karayom ang plaza ng Notre Dame dahil sa parada.
   3. Ang palasayaw na dalaga ay bumighani sa puso ng binata.
   4. Masunuring alagad ng mga sundalo si Phoebus.
   5. Mapanghusga ang mga taong dumalo sa pagdiriwang.
   6. Ang kubang may ginintuang puso ay hinangaan ng dalaga.
   7. Nabighani siya kay La Esmeralda na isang napakagandang dalaga.
   8. Si Sister Gudule ay wala sa tamang katinuan.
   9. Mababait na pulubi ang nagtangkang sumagip kay La Esmeralda.
   10. Tiyak na mananalo ang tila isang pantas na si Pierre Gringoire sa pagkamit ng pag-ibig ni La Esmeralda.

| Salita / mga Salitang Naglalarawan | Uri ng Paglalarawan |
|---|---|
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |
| 4. | |
| 5. | |
| 6. | |
| 7. | |
| 8. | |
| 9. | |
| 10. | |

B. Panuto: Piliin sa loob ng panaklong ang pinakamasidhing kahulugan ng mga salitang nakaitalisado sa pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa iyong sagutang papel at pagkatapos ay bumuo ng sariling pangungusap gamit ang napiling sagot.


1. Isang ***magandang*** dalaga ang nagpatibok sa puso ng kuba.
   (marikit, kaakit-akit, kaaya-aya, nakabibighani)
   Sagot: __________
   Pangungusap:
   ____________________________________________________________

2. Sa isang ***malawak*** na kalsada ng Paris ipinarada ang hinirang bilang "Papa ng Kahangalan". (malaki, matayog, dambuhala, di-maliparang uwak)
   Sagot: __________
   Pangungusap:
   ____________________________________________________________

3. Nangibabaw ang malambot na puso ni La Esmeralda nang makita ang kalagayan ng kuba. (maawain, mahabagin, mapagmahal, mapagkumbaba)
   Sagot: __________
   Pangungusap:

4. ***Masayang*** mukha ang bumungad kay Sister Gudule nang masilayan ang anak. (maligaya, natutuwa, nagagalak, nasisiyahan)
   Sagot: __________
   Pangungusap:
   ____________________________________________________________

5. Si Phoebus ang ***matipunong*** binata ay hinirang ng hari bilang kapitan ng mga sundalo. (matikas, malakas, maganda ng lalaki, malusog)
   Sagot: __________
   Pangungusap:
   ____________________________________________________________




## *Pagyamanin*

*Binabati kita sa iyong kahusayan sa pagsagot sa naunang gawain. Subukan mo naming isagawa ang kasunod na gawain.*

**Gawain 4: Ihambing Mo**


Panuto: Paghambingin ang nobelang "Ang Kuba ng Notre Dame" sa napanood mong dula/pelikula sa telebisyon sa pamamagitan ng paglalarawan sa mga mahahalagang pangyayaring natunghayan mo sa iyong nabasa/napanood. Gayahin ang pormat sa sagutang papel.





## *Isaisip*

**Gawain 5: Ilarawan Mo**
Panuto: Ilarawan ang kultura ng mga Pranses tungkol sa pagdiriwang o pista batay sa nobelang binasa. Gawing masining ang paglalarawan.






## *Isagawa*

*Upang matiyak mo kung lubusan mong naunawaan ang mga tinalakay na aralin sa mga nagdaang araw, isagawa ang gawain.*

**Gawain 6: GRASPS**

| | |
|---|---|
| ***Goal*** | Ikaw ay makasusulat ng maikling tekstong naglalarawan sa pamamagitan ng pamimili ng isang pangyayari o kaganapan sa kuwentong maiuugnay sa totoong buhay. Sumulat ng maikling talata sa gagawing pag-uugnay at gamitan ng mga salitang naglalarawan. |
| ***Role*** | Ikaw ay magiging isang manunulat at mananalaysay |
| ***Audience*** | Guro, mga kapwa mag-aaral. |
| ***Situation*** | Ipagpalagay na ika'y lalahok sa isang paligsahang malikhaing pagsulat sa iyong paaralan kaugnay ng pagdiriwang ng "Tagisan ng Talento". Isasalaysay sa harap ng mga manonood ang inyong ginawang maikling tekstong naglalarawan. |
| ***Product*** | Talatang naglalarawan |
| ***Standards*** | A. Malinaw na nilalaman………………………………………… 30 puntos<br>B. Estruktura ng pagkakasalaysay……………………………30 puntos<br>C. Paggamit ng mga salitang naglalarawan…………………20 puntos<br>D. Daloy ng kaisipan …………………………………………… 20 puntos<br>Kabuoan………………………………………………………100 puntos |



# *Tayahin*

*Mahusay! Binabati kita dahil nakaabot ka sa parteng ito. Tiyak marami kang natutuhan sa iba't ibang mga aralin sa Modyul na ito. Ngayon, ating tatayahin ang iyong kaalaman sa nakalipas na aralin.*

**PANGWAKAS NA PAGTATAYA**

A. Panuto: Piliin at isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

_____ 1. Ang kuba ng Notre Dame ay tinanghal bilang ____________________.
A. Hari ng Roma C. Papa ng Notre Dame
B. Hari ng Notre Dame D. Papa ng Kahangalan

_____ 2. "Nagmakaawa siya na bigyang siya ng tubig subalit bingi ang mga taong nakatingin sa kaniya." Sinong tauhan ang tinutukoy ng panghalip na siya?
A. Esmeralda C. Gringoire
B. Frollo D. Quasimodo

_____ 3. Isinisigaw ni La Esmeralda ang pangalan ni Phoebus nang makita niya ito nang araw na bibitayin siya subalit tinalikuran ito ng binata at nagtungo sa pakakasalang babae. Anong damdamin ang naramdaman ni La Esmeralda sa pangyayaring iyon?
A. pag-aalala C. pagkainggit
B. pagkalito D. pagkadismaya

_____ 4. "Nang mabatid ni Quasimodo na nawawala si La Esmeralda, tinunton niya ang tore at doon hinanap ang dalaga." Anong damdamin ang nanaig kay Quasimodo sa pahayag?
A. kagalakan C. pag-aalala
B. katusuhan D. pag-iisip

_____ 5. "Nang mamataan si Frollo, hinila niya ito at sa matinding lungkot na nararamdaman ay inihulog niya mula sa tore ang paring kumupkop sa kaniya." Ano ang nagtulak kay Quasimodo na gawin ito?
A. matinding galit C. masidhing pagdurusa
B. matinding lungkot D. masidhing pasasalamat

_____ 6. "Ang tauhang si Frollo sa nobelang "Ang Kuba ng Notre Dame" ay isang paring nag-alaga sa kubang si Quasimodo." Paano siya ipinakilala bilang kontrabida sa akda?
A. hindi stereotypical C. tauhang bilog
B. stereotypical D. tauhang lapad

_____ 7. Dumating si La Esmeralda. Lumapit ang dalaga sa kaniya na may hawak na isang basong tubig. Pinainom siya. Paano inilarawan si La Esmeralda sa pahayag?
A. may pagkagusto C. may kababaang loob
B. may pagnanasa D. may malasakit sa kapwa


_____ 8. Bakit ninais ni Pierre Gringoire na makisali sa pangkat ng mga pulubi at magnanakaw?
A. upang magpasikat C. upang mapawalang sala siya
B. upang makiisa sa kanila D. upang mapansin siya ni La Esmeralda

_____ 9. Paano natagpuan ang kalansay ni Quasimodo sa loob ng libingan ni La Esmeralda?
A. Sa pagsisiyasat ng mga kinauukulan.
B. Sa paghahanap ng kaniyang mga kaanak.
C. Sa paghuhukay ng isang lalaki sa puntod ni La Esmeralda.
D. Sa pakikipagtulungan ng kaniyang mga kaibigan natagpuan ang kaniyang kalansay.


_____ 10. Ano ang pananaw ng may-akda tungkol sa pag-ibig ayon sa binasang akda?
A. Ang pag-ibig ay wagas.
B. Ang pag-ibig ay pagsasakripisyo
C. Ang pag-ibig ay pagpapakasakit
D. Ang pag-ibig ay hahamakin ang lahat.

B. Panuto: Punan ng angkop na pang-uri ang sumusunod na pangungusap upang mabuo ang diwa nito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ipinarada si Quasimodo sa ______________ kalsada.
2. Nabighani siya sa __________ ng kapitan ng mga sundalo.
3. Nilusob ng mga _________ magnanakaw ang katedral.
4. Sinunggaban ni Frollo ang _______dalaga habang mag-isang naglalakad.
5. Dinakip si La Esmeralda ng mga _________ kawal ng hari dahil sa nangyari kay Phoebus.
6. Lagi siyang inaalipusta at kinukutya dahil sa _____________ niyang hitsura.
7. Nalaman ni La Esmeralda na dating isang _______babae ang kaniyang ina.
8. Tinangkang iligtas ng ________ si Gringoire ang dalagang si Esmeralda sa kamay nina Frollo at Quasimodo.
9. Pinatunayan ni Quasimodo ang ________ na pagmamahal niya sa dalaga.
10. Dahil sa labis na galit, nagawang ihulog mula sa tore ni Quasimodo ang _______ si Frollo.



*Binabati kita mahal kong mag-aaral dahil masigasig mong natapos ang araling ito. Nabatid mo ang katuturan ng nobela at ang paggamit ng salitang naglalarawan sa paglalarawan ng kultura. Maghanda ka na dahil ang kasunod na aralin ay ang huling kabanata na ating pag-aaralan sa Modyul 1 gayon din ang magsisilbing pangwakas na gawain – **Modyul 7 (Pangwakas na Gawain sa Panitikang Mediterranean)**.*



# Susi sa Pagwawasto

**PAUNANG PAGTATAYA**

**A.**

1. B
2. A
3. C
4. B
5. B
6. C
7. C
8. A
9. C
10. C

**B.**

1. ☹
2. ☺
3. ☺
4. ☹
5. ☺
6. ☹
7. ☺
8. ☺
9. ☺
10. ☹

## ARALIN 1.1 (Panitikan: Ang Kuba ng Notre Dame)

**BALIKAN**

**Gawain 1: Nabasa Ko...Itatala Ko** — *Iba-iba ang sagot.*

**TUKLASIN**

**Gawain 2: Paglinang ng Talasalitaan**

1. muhi, ngitngit, poot, galit
2. pighati, hapis, lumbay, lungkot
3. tinangkilik, kinupkop, kinalinga, inalagaan
4. kagunggungan, kalokohan, kahangalan, kabaliwan
5. katuwaan, kagalakan, kasiyahan, kaligayahan

**Gawain 3: Suring Tauhan** — *Iba-iba ang sagot.*

**Gawain 4: Pagsusuri sa Akda** — *Iba-iba ang sagot.*

**Gawain 5: Makabuluhang Hambingan** — *Iba-iba ang sagot.*

**SURIIN**

**Gawain 6: Katangian Ko...Diyalogo Ko**

1. matapat
2. mahina ang loob
3. desperado/nawawalan ng pag-asa
4. konserbatibo
5. reklamador / mareklamo
6. mapanghusga
7. maka-Diyos
8. determinado
9. maawain
10. mapagmahal / mapagpakumbaba

**PAGYAMANIN**

**Gawain 7: Ilarawan Mo Ako** — *Iba-iba ang sagot.*

**ISAISIP**

**Gawain 8: Opinyon Ko, Mahalaga!** *Iba-iba ang sagot.*

**ISAGAWA**

**Gawain 9: Ikuwento Mo!** *Iba-iba ang sagot.*

**<u>ARALIN 1.2 (Wika at Gramatika: Mga Salitang Naglalarawan)</u>**

**BALIKAN**

**Gawain 1: Hanapin Mo at Guhitan!**

1. napakakinis
2. masunuring
3. sagad hanggang buto
4. mapanghusga
5. mapagmalasakit
6. napakagandang
7. busilak ang puso
8. kumulo ang dugo
9. balat ng kalabaw
10. di-maliparang uwak

**TUKLASIN**

**Gawain 2: Unawain Mo** *Iba-iba ang sagot.*

**SURIIN**

**Gawain 3: Pagsasanib ng Gramatika at Retorika**

**A.**

1. Nababalot ng kadiliman - Masining
2. Hindi mahulugang karayom - Masining
3. Palasayaw - Karaniwan
4. Masunurin - Karaniwan
5. Mapanghusga - Karaniwan
6. Ginintuang puso - Masining
7. Napakaganda - Karaniwan
8. Wala sa tamang katinuan - Masining
9. Mababait - Karaniwan
10. Tila isang pantas - Masining

**B.**

1. Nakabibighani
2. Di-maliparang uwak
3. Marupok
4. Nagagalak
5. matikas

*Pangungusap – Iba-iba ang sagot*

**PAGYAMANIN**

**Gawain 4: Ihambing Mo** *Iba-iba ang sagot.*

**ISAISIP**

**Gawain 5: Ilarawan Mo** *Iba-iba ang sagot.*

**ISAGAWA**

**Gawain 6: GRASPS** *Iba-iba ang sagot.*

**PANGWAKAS NA PAGTATAYA**

**A.**

1. D
2. D
3. D
4. C
5. B
6. D
7. D
8. D
9. C
10. A

**B.**

*Iba-iba ang sagot.*

# *Sanggunian*


Ambat, V.C., et al. (2015). *Filipino 10 Modyul para sa Mag-aaral.* Pasig City: Vibal Group, Inc. pa. 74- 85.

Lacano, DG. L.,et al. (2011). *Bagong Likha IV.* Valenzuela City: JO-ES Publishing House, Inc.,137-140

Aguilar, E.C.,et al (2004,2009). *Ang Bagong Filipino Ngayon IV: Ikalawang Edisyon.* The Bookmark, Inc. Makati City

Balazo, I. C. (2000). *Wika at Panitikan IV.* Quezon City : JGM & S Corporation

Santos, B. C. at Santos, C. L. ( 2002). *Kawil (Kasanayan sa Wika at Literatura) Unang Edisyon.* Quezon City: Rex Printing Company ,Inc., 42

Cruz, E.E (2012). *Filipino sa Bagong Henerasyon III: Ikaapat na Edisyon.* Makati City: The Bookmark, Inc.

*Ang Kuba ng Notre Dame.* Nahango noong Mayo 16, 2020 mula sa https://www.youtube.com/watch?v=ygjXLlHQ5iM

*Pagkiklino.* Nahango noong May 16, 2020 mula sa brainly.ph/question/787334, prezi.com/gqsl9r9aii4l

*Ang Kuba ng Notre Dame.* Nahango noong Mayo 17, 2020 mula sa https://filipino10niwarville.blogspot.com/2015/05/ang-kuba-ng-notre-dame.html

Rimando, Rodel R., *Larawan nina Quasimodo at La Esmeralda.* Nahango mula sa http://www.hellokids.com/c_4640/coloring-pages/disney-coloring-pages/the-hunchback-of-notre-dame-coloring-pages/quasimodo-and-esmeralda

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph